

ANG

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATIBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO ZEDONG



Bayan

Tomo XIII Bilang 10

Hunyo 15, 1981

MGA NILALAMAN

KILUSANG BOYKOT, TUMUTULONG
SA SANDATAHANG PAKIKIBAKA p. 1

PULISYA SA IFUGAO, NIREYD
NG BHB; 14 ARMAS, KINUHA p. 3

13 RIPLE PA ANG NAKUMPISKA
NG BHB SA CAGAYAN, ISABELA p. 5

IDINAOS ANG PINAKAMALAKING DEMO
SA ISABELA; 15,000 ANG LUMAHOK p. 5

MAS MAPANIIL NA BATAS SA PAGGAMA,
IHINAHANDA NG IMPERYALISTA, TUTA p. 7

NANUNYUTRALISA O NAPAPATIWALAG PA
NG KAMPANYANG ILANG TROPA NG AFP p. 10

SA PAGLAHOK SA PAKIKIBAKA ITINATAYO
ANG ISANG REBOLUSYONARYONG PAMILYA p. 12

5 MARTIR SA PAMPANGA,
BUHAY SA PUSO NG MASA p. 13

KILUSANG BOYKOT, TUMUTULONG SA SANDATAHANG PAKIKIBAKA

Magiting na ipinaglalaman ng sambayanang Pilipino ang pambansang independensya at demokrasya sa pamamagitan ng pakikibaka at pagbigay nila sa mga sapaniil at mapanlinlang na pakana ng imperyalismong EU at ng papet nitong diktador sa Pilipinas.

Bukas, Hunyo 16, apat na araw pagkaraan ng anibersaryo ng huwad na kasarinlan ng bayan, rururok ang kilusang boykot ng mamamayan. May tatlong buwan nang winawatak ng kilusang ito ang pinakamalaking panloloko ng diktadurang EU-Marcos sa ilalim ng pakanaang "normalisasyon"--ang huwad na elekayong presidensyal.

Ipinapakita ng kilusang boykot na walang anumang masasahan ang mamamayan sa mga huwad na halalan. Basta't mapagpunyagian ng Partido at ng mga rebolusyonaryong organisasyon at aktibistang masa na mapanlad pa at makonsolidang ang tagumpay na ito, mapasabag ito nang malaki sa pagsulong ng armadong pakikibaka.

Imperyalismong EU ang utak at pasimuno ng mga pakana rito ng pasistang pangkating Marcos. "Doktrinang Nixon" ang nasa likod ng pagpetaw ng batas militar noong 1972. Sinimulan ang "normalisasyon"--ang pakanaang tawaging "normal" ang pag-iral ng pasistang diktadura--ayon sa dikta ng ipokritong administrasyong Carter.

Ilekrip naman ng bagong administrasyong Reagan ang sinusunod ngayon ni Marcos sa Pilipinas matapos itong isakatuparan ng isa pang pasistang tutang si Chun Doo Hwan sa timog Korea: pakunwaring alisin ang batas militar, baguhin ang konstitusyon nang pabor sa naghaharing pangkatin, at tumawag ng lutô nang halalan. Kasunod pang hakbang ang pagtungo sa Washington kabisera ng EU, para makahingi ng dagdag na limos kay Presidente Reagan.

Kitang-kita sa mga pangyayaring ito ang dominasyon ng imperyalismong EU sa reaksyonaryong pulitika sa Pilipinas para ipagtanggol ang dominasyong imperyalista sa ekonomya ng bayan. Kitang-kita rin kung paanong binibigo ng militanteng paglaban ng malawak na masa ng sambayanan ang mga pakanaang ito.

Patuloy ang paglakas ng kilusang boykot laban sa "elekayong presidensyal" sa kabila ng mga desperadong tangka ng rehimen na supilin ito. Mga palatandaan ng paglakas na ito ang rali ng mahigit 15,000 mamamayan (batay sa panimulang mga ulat) sa liwasang Bonifacio sa Maynila nitong Hunyo 12, at ang paglabas ng maraming pahayag mula sa iba't ibang organisasyon na nagtataguyod sa boykot.

Malawak na kilusang boykot

Taliwas sa inasahang makamit ng imperyalismong EU sa pakanaang "normalisasyon," hindi naaakit ng pangkating Marcos na makiisa ang iba pang mga pangkat sa hanay ng mga naghaharing uri. Sa halip, naaakit pa ang ilang organisasyon at indibidwal sa hanay ng mga pulitikong anti-Marcos na makiisa sa mamamayan sa paglalantad at paglaban sa huwad na elekayon.

Makasaysayan ang pagsulong ng kilusang boykot ng mamamayan, ayon sa People's Movement for Independence, Nationalism and Democracy (People's MIND --Kilusan ng Mamamayan para sa Independensya, Nasyonalismo at Demokrasya), ang masaklaw na alyansa ng mga nagtataguyod ng boykot. Sa isang pahayag, ihinainay ng People's MIND ang sumusunod:

--Pagtatatag ng People's Opposition to the Plebiscite-Election (People's Oposisyon ng Mamamayan sa Plebisito-Elekayon) noong papatapos ang Marco. Unang pagtatatag ito ng pambansang alyansa ng mga organisasyon ng mamamayan laban sa diktadurang EU-Marcos. Tatlungpu't dalawang organisasyon ang nakapaloob dito.

--Boykot ng may 15 milyon (sa 25 milyong botante) sa huwad na plebisito noong Abril 7. Pinakamalaking boykot ito sa kasaysayan ng Pilipinas.

--Pasyang magboykot ng United Democratic Opposition (Unido) noong Abril 24--unang pasyang magboykot ng oposisyong nasa matataas na saray ng lipunan.

--Rali ng may 40,000 manggagawa--pinakamalaking bilang na natipon mula 1931--na sumigaw ng "Boykot!" at "Welga!" sa Araneta Coliseum sa Quezon City noong Mayo 1.

--Kombensyon ng People sa Baguio City noong Mayo 9-10 na nagbunga ng pagpapatibay sa "Kasunduan para sa Isang Demokratiko at Independyenteng Pilipinas". Noon pa lamang nangyaring ang ganito karaming organisasyon at lider (34) na may ganito kalawak na pagkakaiba-iba sa pag-iisip ay nagsama-sama sa pagpapahayag ng paninindigan laban sa rehimen.

--Pagtatatag ng People's MIND, isang malawak na alyansa ng mga organisasyon gaya ng People, Free Legal Assistance Group (FLAG), Unido, Lakas ng Bayan (Laban) at marami pang iba.

--Rali ng may 15,000 manggagawa, relihiyoso, titser at iba pang propesyonal, estudyante, magsasaka at lider oposisyon sa Liwasang Bonifacio noong Mayo 31.

Malalaking Rali ng Boykot

Hunyo 1 inilabas ang talaang ito ng People's MIND kaya't di nasaklaw ang mas malaki pang rali na idinaos ng mahigit 15,000 mamamayan doon din sa Liwasang Bonifacio nitong Hunyo 12, araw ng huwad na kasarinlan. Ang rali ay sinundan ng marte ng may 800 sa Quiapo na siyang pinakaposed ng Maynila.

Nagsalita sa mga rali ng Mayo 31 at Hunyo 12 ang mga kinatawan ng iba't ibang demokratikong uri, sektor at organisasyon, kabilang ang publisitor ng Manila Times na isinara ng rehimen, si Joaquin "Chino" Roses, na siyang tagapagsalita ng People's MIND. Nagsalita rin si dating Senador Jose W. Diokno at ang mga namumunong karibal ni Marcos.

Sunud-sunod na rali rin ang idinaos ng kilusang boykot sa iba't ibang dako ng kapuluan. Halimbawa ng mga ito ang mga rali sa ayudad ng Calbayog at iba pang lugar sa islang Samar noong Mayo, ang pagtitipon ng may 500 mamamayan sa simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan, noong Hunyo 12, at ang rali ng may 5,000 taong-tribu mula sa Kalinga-Apayao, Mt. Province, Ifugao at Abra na ginanap sa Bontoc, Mt. Province, nito lamang Hunyo 13.

Matapos mapirmahan at maipalaganap ang makasaysayang Kasunduan sa Baguio, patuloy na naglabasan ang mga pahayag ng iba't ibang mga organisasyong nangangampanya para sa boykot.

Naglabas ng sariling mga pahayag ang Kilusang Mayo Uno-Pagkakaisa ng Manggagawang Pilipino (KMU-PMP), Movement of Attorneys for Brotherhood, Integrity and Nationalism Inc. (MABINI) [AB, Mayo 31], Unido, FLAG at ang Concerned Women of the Philippines.

"At para saan tayo lalahok (sa huwad na eleksyon)?" tanong ng KMU-PMP, "Para panatilihin sa poder ang mga may kagagawan sa ating busabos at aping kalayaan?...Sagad na ang ating pasensya. Nasusuka na tayo sa mga panghuhuwad, sa mga palabas, sa mga buladas."

Sinabi pa ng KMU na welga ang sagot ng manggagawa sa pagsasamantala at pang-aapi, kaya't boykot naman ang tugon sa huwad na eleksyon. "Ang boykot ay welga rin," dagdag pa nito.

Ginunita ng Unido ang paghaharap nito ng mga kondisyon kay Marcos para lumahok sa eleksyon ang oposisyon at kung paanong tinanggihan ng diktador ang mga ito. "Sa pamapagitan ng pagboykot sa eleksyon," anang Unido, "sasabihin (ng mamamayan) kay Marcos na 'Itigil...na ang panloloko sa taumbayan!'"

Inisa-isa naman ng FLAG ang mga dahilan kung bakit walang lehitisong katwiran ang rehimen para parusahan ang mga nagboykot. Labag mismo sa konstitusyon ang pagpaparusa sa mga nagboykot, anang FLAG.

Sinabi ng Concerned Women of the Philippines na ang babalang parurusahan ang mga nagboykot ay panimilit at pananakot. "Sinisira nito ang kalayaan ng indibidwal na kumilos ayon sa kanyang nakasalam na budhi."

Desperado ang rehimen

Alam na ng lahat ang magiging resulta ng "eleksyong" ito. Naikasa na ng naghaharing pangkatin ang buong makinarya nito para sa malawakang pamimilit, pandaraya at pamimili ng boto para tiyaking makukuha ni Marcos ang "umaali-ngawngaw na bagong basbas ng taumbayan". Ganito ang nangyari sa lahat ng nangang botohang palabas ng rehimen, at masahol pa ang magaganap bukas.

Kasabay nito, tulirung-tuliro ang diktadurang EU-Marcos dahil di mapigil ang paglakas ng kilusang boykot. Pinapanay ng Komisyon sa Halalan (Comelec) ang pagbababalang labag sa batas at katumbas ng parusang pagkabilanggo ang pagboboykot. Pero si Marcos mismo ang umaaming hindi posibleng maibilanggo ng rehimen ang 6.4 milyong mamamayang ayon sa kanya'y nagboykot sa kanyang "plebisito" noong Abril 7 (Sa katunaya'y mas malapit sa 15 milyon ang tala-gang nagboykot).

Sa taranta ng diktador, naglabas siya ng katawa-tawang pananakot na nagbunga pa ng di-ginasadyang bangga sa kanyang "kritikal na kolaboreytor" na si Kardinal Jaime Sin. Sinabi ni Marcos na kasalanang mortal daw ang nagboykot, bagay na pinabulaanan ng kardinal. Lalo lamang naging katawa-tawa sa mata ng taumbayan si Marcos, habang dumarami pa ang nagpapasyang nagboykot sa "eleksyon".

Lubha ring nababahala ang imperyalismong EU na siyang utak at pasimuno ng huwad na eleksyong ito. Ibinunyag ni dating Senador Diokno sa rali noong Hunyo 12 na ang embahada ng EU sa Maynila ay humahakbang laban sa boykot-- isa na namang garapal na pakikialam sa panloob na suliraning pampolitika ng Pilipinas.

Malinaw na ang tinutukoy ni Diokno ay si Embahador Richard Murphy. Ayon sa napag-alaman ng Ang Bayan, kinausap ni Murphy ang isang lider ng oposisyon para himuking talikuran na ang pangangampanya para sa boykot.

Hindi nakapagtataka ang ganitong hakbang ng imperyalismong EU. Binibigo kasi ng mamamayang Pilipino ang mga pakana nito, habang pinalalawak at pina-igting pa nila ang kabuuang pakikibaka para makamit ng bayan ang tunay na independensya mula sa imperyalistang dominasyon.

Maasahang titindi pa sa darating na mga buwan at taon ang labanang ito sa pagitan ng malawak na masa ng samayanan, sa isang panig, at ng diktadurang EU-Marcos, sa kabila. At malaking pagsulong na sa panig ng samamayan ang tagumpay ng kilusang boykot.

* * *

PULISYA SA IFUGAO, NIREYD NG BHB; 14 ARMAS, KINUHA

Sa kauna-unahang pagkakataon, pinasok ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Hilagang-kanlurang Luzon ang poblasyon ng isang munisipalidad noong Mayo 14 at dinis-armahan ang lokal na pulisya nang hindi kinakailangang magpaputok. Nakakumpiska sila ng 14 na baril at mahigit 1,000 bala.

Ang munisipalidad na pinagdausan ng matagumpay na reyd ay ang Hungduan sa probinsya ng Ifugao, sa ibabaw ng bulubunduking Kordilyera. Ang Hungduan ay may walong pulis, at may kalayuan sa pinakamalapit na kampo ng kaaway na militar.

Sa operasyon, nakakumpiska ang BHB ng tatlong dagdag na ripleng M-16, isang ripleng Garand, apat na kalibre-.38 rebolber, isang ripleng Springfield at isang .12-gauge na de-sabog. Nakarekrut pa ang hukbong bayan ng anim na kabataang Ifugao at nakapagpalaganap ng rebolusyonaryong propaganda sa taumbayan ng Hungduan.

Tulad ng sa iba pang mga taktikal na operasyon ng BHB sa Hilagang-kanlurang Luzon nitong nakaraang mga linggo, ang reyd ay tugon ng organisasyon ng Partido sa rehiyon sa panawagan kamakailan ng Komite Sentral ng Partido na paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan.

Naging matagumpay ang mga operasyon dahil masusi ang pagpapalano at masugid ang paghahanda bago ilunsad ang mga ito.

Para sa reyd sa pulisya ng Hungduan, kasama sa paghahanda ang pagpapabilis sa gawaing masa sa hanay ng mga magsasaka sa mga baryo sa kapaligiran, at ang pagtitipon at pagpasanay sa mga yunit ng BHB na nantasang nagsagawa ng operasyon.

Mahalaga ang mga ito dahil bagamat may mga karanasan ang mga yunit ng BHB sa rehiyon sa mga ambus, reyd at operasyong simbad, ito ang kauna-unahang pagkakataong pinasok nila ang isang bayan, binigla ang pwersa ng pulisya at inagawan ito ng armas.

Nagbunga ang mga paghahanda nang walang sablay na maisagawa ang operasyon. Nanatili ang mga Pulang mandirigma nang halos 19 na oras--pumasok sila nang alas-2:30 ng madaling-araw nang tulog pa ang mamamayan, at nasaalam nang alas-9 ng gabi sa gitna ng pagbubunyi ng taumbayan.

Pagpasok sa bayan nang madaling-araw, pinalibutan agad ng mga Pulang mandirigma ang munisipyo, hedkwarters ng pulis at ang mga bahay ng pulis. Mabilis silang kumilos upang matiyak na walang makalulusot sinuman sa kaway.

Dinis-armahan agad ang pulisya

Una nilang kinontrol ang munisipyo't istasyon ng pulis, dinakip ang dalawang pulis na nagtatanod doon at kinumpiska ang armas ng mga ito. Pagkatapos, halos magkakasabay na pinasok at dinis-armahan ang anim pang pulis sa kanilang tahanan, kabilang ang hepe ng mga ito, si Luis Knobian Jr.

Kumilos ang mga Pulang mandirigma nang may kumpanya dahil sarado ang mga daan papasok sa bayan. Habang kinukumpiska ang mga armas, nagbabantay naman ang blocking force sa mga pasukan. Sa pana-panaho'y pumapasok sa poblasyon ng Hungduan ang mga patrulya ng PC.

Nang mabihag ang lahat ng pulis, tinipon ang mga ito sa harap ng munisipyo. Nakinig sila habang ipinaliliwanag ng mga kadre ng Partido at mga Pulang mandirigma ang mga layunin ng rebolusyonaryong kilusan.

Inililaw rin ang patakaran ng kilusan sa mga pwersang paramilitar ng rehimen tulad ng mga pulis. Hindi sila masasaktan habang hindi nila pini-pinsala ang kapakanan ng bayan at hindi lumalaban sa rebolusyonaryong kilusan.

Di naglao'y gising na ang taumbayan ng Hungduan at nagtipun-tipon sila sa munisipyo. Mamamalas ang kasabikan nilang makadaupang-palad at mapakinggan ang kanilang hukbo na dati-rati'y nababalitaan lamang nila.

Sa mga umpukan naganap ang mga talakayang tumagal hanggang gabi. Sinikap ng mga kadre ng Partido at mga Pulang gerilya na sagutin ang mga katatungan ng mamamayan tungkol sa pambansa-demokratikong rebolusyon na sumusu-long sa buong kapuluan. Nakinig din ang mga kasama sa mga hinaing ng masa sa diktadurang EU-Marcos.

Bago lumisan, inakayunan din ng mga Pulang mandirigma ang kagyat na kahilingan ng masa na dakpin at litisin ang ilang masasang elemento sa bayan. Ihinarap ang mga elementong ito sa mamamayan at pinakinggan ang mga akusasyon. Pinuna ng mga elementong ito ang kanilang sarili, at binalaan sila ng hukbong bayan na itigil na ang kanilang mga kilos na anti-sosyal.

Binanggit sa ibang bahagi ng ulat na ito ang mga naani sa reyd: 14 na armas, mahigit 1,000 bala, anim na bagong rekrut sa BHB, at ang pagpapalagap ng propaganda tungkol sa rebolusyon.

Kasinghalaga ng mga ito ang dagdag na karanasan at kumpanya na nakasit ng mga Pulang kumander at mandirigma na maglunsad ng mas marami't mas malaki pang mga taktikal na operasyon sa hinaharap, bilang pagtugon sa panawagan ng Komite Sentral ng Partido.

15 RIPLE PA ANG NAKUMPISKA NG BHB SA CAGAYAN, ISABELA

Tulad ng sa iba pang mga rehiyon ng kapuluan, sinusunggaban ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Hilagang-silangang Luzon ang bawat pagkakataon para maglunsad ng mga taktikal na operasyon. Sa pamamagitan nito, nakakakuha sila ng armas at napayayaman ang kanilang karanasang militar habang unti-unting inaangas ang pwersa ng kaaway at pinatatatag ang mga larangang gerilya.

Sa pinakahuling mga ulat ng Balita ng Malayang Pilipinas (BMP), ang pambansa-demokratikong ahensya sa pagbabalita, tinukoy ang sumusunod na mga operasyong militar ng BHB sa rehiyong iyon:

1. Sa Isabela noong Abril 13, nireyd ng mga Pulang mandirigma ang limakataong detatament ng PC-CHDF sa baryo Masipi, bayan ng Cabagan. Ganap ang pagkabigla ng detatament, at nakumpiska ng hukbong bayan ang limang ripleng Garand nang hindi na kinailangang magpaputok.

2. Noong Abril 21, apat na tropang PC at dalawang tauhan ng CHDF ang napatay ng mga Pulang mandirigma sa labanan sa Baggao, Cagayan. Walang pinsalang tinamo ang mga gerilyang bayan sa isang oras na putukan, at nakagaw pa ng isang M-16.

3. Sa Baggao pa rin noong Abril 4, kinumpiska ng mga Pulang mandirigma ang mga Garand ng dalawang miembro ng CHDF. Isa pang taga-CHDF sa Sta. Teresita, Cagayan, ang nagsuko naman ng kanyang Garand sa hukbong bayan.

4. Sa Alcala, Cagayan, inambus at pinatay ng mga Pulang mandirigma ang isang sundalong PC at ang kasama niyang tauhan ng CHDF. Mangyari ito noong Mayo 9. Nakakuha ang mga kasama ng isang M-79 grenade launcher, isang M-16 at bala ng mga ito.

5. Noong huling linggo ng Abril, napatay ng mga Pulang gerilya ang tatlong sundalong kaaway sa isang engkwentro sa Faire, Cagayan, at nakakumpiska ng dalawang ripleng M-16.

* * *

IDINAOS ANG PINAKAMALAKING DEMO SA ISABELA; 15,000 ANG LUMAHOK


Pinaatras ng 15,000 manggagawa, magsasaka at iba pang mamamayan ng Isabela ang mga baril ng mga pasistang tropa noong Abril 19 para maidaos ang kanilang 12-kilometrong martas at kondenahin ang patuloy na terorismo at panloloko ng diktadurang EU-Marcos.

Pinakamalaki't pinakamilitanteng aksyong masa ito sa kasaysayan ng probinsya. Ngayon pa rin lamang nasaksihan ang ganito kataas na antas ng organisasyon at koordinasyon: ang mga lumahok ay nagsula sa 114 na baryo ng 13 bayan, kabilang ang kabieerang bayang Ilagan.

Armado lamang ng ilang itak at mga batong pinulot habang-daan, inalapanan ng mga nagmamartas ang anis na armadong pwersang pangharang ng kaaway at kinompronta ang pinakamatataas na sibilyan at militar na opisyal sa lalawigan. Naghiwa-hiwalay lamang sila matapos matiyak na pakikilingan ang kanilang makatarungang mga kahilingan.

Nagmartas ang mga demonstrador sa ilalim ng bandila ng Alyansa ng Mamamayan ng Isabela para sa Kalayaan at Demokrasya at ng Alyansa ng Mamamayan ng Asyenda San Antonio at Sta. Isabel para sa Libreng Pamamahagi ng lupa.

Ang mga nagmartas ay nagsula sa mga bayan ng Roxas, Mallig, Magsaysay, Santo Tomas, San Mariano, Benito Soliven, Tusaunini, Santiago, Cordon, San Mateo, Cabagan, San Pablo at Ilagan.



Ang martesa ay binuo ng mga manggagawa mula sa anim na kompanya ng troso sa Isabela, mga magsasaka sa iba't ibang baryo, mga estudyante at kabataan, kababaihan, mga propesyonal at mga taong-cimbahan. Umabot sa dalawang kilometro ang haba ng hanay nila sa hayway. Nasasalitan ang mga nagmamartesa ng may 100 intrinse at 300 plakard.

Sumentro ang kanilang mga kahalilingan sa panam-

hagi ng lupa para sa mga magsasaka, laluna yaong nasa Asyenda San Antonio at Asyenda Sta. Isabel, kapwa nasa Ilagan, kung saan pinalalayas sila ng malaking burges-panginoong maylupang si Eduardo Cojuangco; ang ganap na pagkilala sa karapatang magwela ng mga manggagawa; at ang pagtigil sa mga masakar at iba pang karumal-dumal na pang-abusong ginagawa ng rehimen sa mga mamamayan ng Isabela.

Ayon sa Baringkua (Palikwas), pahayagang libim sa Hilagang-silangang Luzon, umalingawngaw sa ruta ng martesa ang mga panawagan ng taumbayan: "Lupa't katarungan para sa mga magsasaka!", "Itana ang sahod, ibalik ang welga!", at "Itigil ang mga operasyong militar at karanasan sa mamamayan!"

Namutiktik sa mga inilogang nakapinta at nakapaskel ang bawat baryong dinaanan. Namahagi rin ng mga polyeto ang mga demonstrador.

Binigo ng mga demonstrador ang bawat pagtatangka ng pasistang militar na ang martesa'y hadlangan at pagwatak-watakin. Sa lahat ng pagkakataon, hipa-rap ng nagngangalit na masa ang mga pasista. Mapilitang tumabi ang mga ito, kundi'y matitikman nila ang poop ng masa.

Sa Asyenda San Antonio, 6,000 demonstrador ang katitipon pa lang at pahakbang na sana nang sila'y harangin ng anim na miembro ng Civilian Home Defense Forces (CHDF) na may dala-dalang matataas na kalibreng riple. Sinabihan sila ng masa na tumabi at huwag makialam. Nanginginig sa takot na sumunod agad ang mga butangerong CHDF.

Dalawa pang tag-pito-kataong mga yunit ng CHDF ang nagtangkang mangharang sa ruta ng mga nagmamartesa sa baryo Ballacong at baryo Anggasian. Pinatatabi sila ng masa nang dumating ang 30-kataong "riot squad" ng PC-INP na may dalang isang trak ng bombero at may water cannon (kanyon ng tubig).

Dagling kumilos ang may 400 demonstrador para paligiran ang mga bayarang tropa at balaan ang mga ito. "Anasang masamang hakbangin ninyo'y sasagutin namin ng damas." Nabigla ang mga sundalo ng PC, mga pulis at mga miembro ng CHDF sa nakitang kanangang lumaban ng masa. Umurong ang mga pasista.

Samantala, nagmartesa naman ang may 9,000 demonstrador mula sa direksyon ng Asyenda Sta. Isabel. Binigo nila ang lahat ng pagtatangka ng mga pwersa ng PC, INP at CHDF na pigilin sila.

Nagsanib ang dalawang grupo sa tulay ng Malalam sa Ilagan, at patulak na sila patungong sentro ng bayan nang isa pang grupo ng 30 sundalong PC ang humarang sa kanila. Sa pagkakataong ito, desidido nang mandahas ang mga pasista.

Sinaksak ng isang sundalo ng PC ang isa sa mga nagmamartsa--si Villamor Larugal ng Asyenda San Antonio--habang nagtatangka ang iba pang mga tropa na kapkapan ang mga demonstrador at samsamin ang mga istrimer at plakard.

Sumabog na ang tinitimping galit ng mamamayan.

Namulot sila ng mga bato at parang mga putakteng sinugod nila ang mga pasistang nagpanakbuhay naman sa iba't ibang direksyon. Hindi iilang magsasaka ang nagtaas ng kanilang mga itak. Marami sa mga pasista ang nasugatan ng mga batong ipinukol ng masa. Kinumpiska rin ng mga demonstrador ang mga batuta at kalasag ng mga pasistang inabot at nadakip nila.

Determinado ang mamamayan na ituloy ang martsa kaya't muli nilang inayos ang kanilang hanay. Habang ginagawa nila ito, dumating ang gobernador ng Isabela, si Faustino Dy, kasama ang hepe ng PC sa lalawigan, si Kor. Florendo, at 30 pang tropang PC.

"Ano ang gusto ninyo, away?" bungad sa masa ng nagtatapang-tapangang si Dy.

Sumagot ang mga demonstrador sa pamamagitan ng pamumulot ng bato at nata-tag na paghakbang para makipagtuos kina Dy, Florendo at sa mga pasistang tropa. Sa isang iglap, idinipa ni Dy ang kanyang mga kamay at takot na nagwikang "Lulutasin natin ang mga problema sa pamamagitan ng diplomatikong paraan."

Ang komprontasyon ay tumagal nang limang oras, mula alas-10 ng umaga hanggang alas-3 ng hapon. Umuwing matagumpay ang mga demonstrador.

Nakamit nila ang hangad ng pagmamartsa--piliting mangako ang pangkat ni Dy sa harap ng taumbayan na tutulong sa paglutas sa problema sa lupa ng mamamayan ng dalawang asyenda. Higit pa rito, muling pinatunayan ng mga taga-Isabela ang katotohanang walang sinumang makahaharag sa organisadong lakas ng libu-libong mamamayang determinadong ipaglaban ang kanilang mga interes.

MAS MAPANIIL NA BATAS SA PAGGAWA, IHINAHANDA NG IMPERYALISTA, TUTA

Lalo pang inilalampaso ng mga manggagawa ang Dekreto ng Pangulo Blg. 823 (PD 823) sa sunud-sunod na pagwewelga matapos ang pakunwaring pag-aalis ng batas militar noong Enero 17.

Kaya't ang diktadurang EU-Marcos ay gagamit na ng mas mahigpit na batas--na ipinapanukala ng Cabinet Bill No. 45 (CB 45)--habang nagpapanggap na bi-bigyan ng kaluwagan ang masang manggagawa ayon sa mapanlinlang na pakanang "normalisasyon".

Hindi na mapakinabangan ng diktadura ang PD 823 na nagbabawal ng welga sa tinatawag na "mahahalagang industriya". Bawal ang welga, ngunit nagwewelga ang mga manggagawa. Bawal ang welga sa "mahahalagang industriya", pero sa mga industriyang ito pumuputok ang mga welga.

Naglulunsad pa ang mga manggagawa ng iba't ibang militanteng pagkilos na talagang labag sa PD 823, tulad ng sitdown, maramihang pagbabakasyon (mass leave) at boykot sa obertayn.

Itinayo na rin ang malawak na alyansa ng manggagawa, ang Pagkakaisa ng Manggagawang Pilipino (PMP) sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno (KMU) para ipaglaban ang ganap na pagkilala sa karapatang nagwelga.

Ang unang mahalagang hakbang ng alyansang ito ay ang tahasang pagboboykot sa tinatawag na tatlong-panig na komperensya ("tripartite conference") noong Marso 27-28. Kasabay nito'y isinisigaw ng masang manggagawa ang "Welga, hindi tripartite!"

Lubhang nababahala ang mga imperyalista ng EU at iba pang malalaking kapitalistang dayuhan, gayundin ang mga Pilipinong kasabwat nila, sa patuloy na paglakas ng kilusang welga at paglawak ng mga militanteng alyansa. Naghahanap ng garantiya ang mga kapitalistang ito na hindi mapipinsala ng militanteng pagkilos ng mga manggagawa ang kanilang mga korporasyon at sobra-sobrang ganansya sa bansa.

Kaya nagpakana ang diktadurang EU-Marcos ng ibayong paninikil na itinago nito sa anyo ng pagluluwag daw, na lalo namang naglalantad sa pagkahuwad ng "normalisasyon" nito.

Bahagi ng pakanang ito ang CB 45, na kilala rin bilang panukalang Industrial Relations Act at sasaklaw sa kabuuang relasyon ng kapital at paggawa sa Pilipinas ngayon.

Ihinanda ang panukalang ito doon pa lamang sa "tripartite conference" sa Puerto Azul, Cavite. Pinalabas ng diktadura na pabor ang komperensya sa "pagbabalik" sa karapatang magwelga bilang pagtugon daw nito sa walang humpay na paggigiit ng mga manggagawa sa kahilingang ito.

Nagpanggap ang mga raketir sa paggawang sina Mendoza, Intertan at Lerum ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) na itinataguyod daw ang karapatang magwelga, para hindi sila lalo pang mahiwalay sa kilusang manggagawa.

Ang "Kasunduan sa Puerto Azul" na pinagkaisahan ng mga dilawan, mga kinatawan ng pasistang rehimen at mga kinatawan ng malalaking kapitalista sa komperensya sa Cavite ang pangunahing pinagbatayan ng CB 45 na ngayo'y naghihintay na maaprobahan ng utus-utusang Batasang Pambansa.

Nilalayon ng panukala

Muling pinatunayan ng CB 45 na papasahi at papatindi ang bawat reaksyonaryong batas na ipataw ng naghaharing uri sa mga manggagawa.

Ibinibigay ng CB 45 sa mga kapitalista ang mas maraming kapangyarihan kaysa ibinigay ng PD 823 para supilin at wasakin ang kilusang manggagawa.

Kaya't higit na magiging mahirap para sa mga militanteng manggagawa ang magwelga at mag-organisa kapag naisabatas ang panukalang ito.

Bagamat sinasabing ibabalik daw ang karapatang magwelga sa lahat ng industriya, lantaran namang sinusupportahan ng rehimen ang pakana ng malalaking Kapitalista na mag-lockout.

Mangangahulugan ito na kapag nagwelga ang mga manggagawa, may malaking peligrong sila'y kaagad na matanggal sa trabaho, nawalan ng rehistro ang kanilang unyon, at maisakdal pa sila sa kasong kriminal para pagmuhitahin o ibilango.

Ayon sa panukala, mangyayari lamang daw ito kapag ang isang welga ay idineklarang "illegal". Subalit sinisikap ng malalaking kapitalista, sa pakikipagsabwatan ng rehimen, na patunayang "illegal" ang bawat welga. Sa katunayan, matagal na nilang ginagawa ito.

Itinuturing ng CB 45 na krimen ang welgang di sumusunod sa mga reki-sitos nito at ang mga welgista'y tinatratong kriminal.

Lantaran nang hinuhubad ng diktadura ang anumang pagkukunwari na ito'y maka-manggagawa. Pormal na kinikilalang legal ang lockout. Ang hindi bina-banggit ng diktadura'y dati nang naisasagawa ng mga kapitalista ang lockout nang walang ininasalang-alang na batas.

Ang unang mahalagang hakbang ng alyansang ito ay ang tahasang pagboboykot sa tinatawag na tatlong-panig na komperensya ("tripartite conference") noong Marso 27-28. Kasabay nito'y isinisigaw ng masang manggagawa ang "Welga, hindi tripartite!"

Lubhang nababahala ang mga isperyalista ng EU at iba pang malalaking kapitalistang dayuhan, gayundin ang mga Pilipinong kasabwat nila, sa patuloy na paglakas ng kilusang welga at paglawak ng mga militanteng alyansa. Naghahanap ng garantiya ang mga kapitalistang ito na hindi mapipinsala ng militanteng pagkilos ng mga manggagawa ang kanilang mga korporasyon at sobra-sobrang ganansya sa bansa.

Kaya nagpakana ang diktadurang EU-Marcos ng ibayong paninikil na itinago nito sa anyo ng pagluluwag daw, na lalo namang naglalantad sa pagkahuwad ng "normalisasyon" nito.

Bahagi ng pakanang ito ang CB 45, na kilala rin bilang panukalang Industrial Relations Act at sasaklaw sa kabuuang relasyon ng kapital at paggawa sa Pilipinas ngayon.

Ihinanda ang panukalang ito doon pa lamang sa "tripartite conference" sa Puerto Azul, Cavite. Pinalabas ng diktadura na pabor ang komperensya sa "pagbabalik" sa karapatang magwelga bilang pagtugon daw nito sa walang humpay na paggigiit ng mga manggagawa sa kahilingang ito.

Nagpanggap ang mga raketir sa paggawang sina Mendoza, Intertan at Lerua ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) na itinataguyod daw ang karapatang magwelga, para hindi sila lalo pang mahiwalay sa kilusang manggagawa.

Ang "Kasunduan sa Puerto Azul" na pinagkaisahan ng mga dilawan, mga kinatawan ng pasistang rehimen at mga kinatawan ng malalaking kapitalista sa komperensya sa Cavite ang pangunahing pinagbatayan ng CB 45 na ngayo'y naghihintay na maprobaran ng utus-utusang Batasang Pambansa.

Nilalayon ng panukala

Muling pinatunayan ng CB 45 na papasahi at papatindi ang bawat reaksyonaryong batas na ipataw ng naghaharing uri sa mga manggagawa.

Ibinibigay ng CB 45 sa mga kapitalista ang mas maraming kapangyarihan kaysa ibinigay ng PD 823 para supilin at wasakin ang kilusang manggagawa.

Kaya't higit na magiging mahirap para sa mga militanteng manggagawa ang magwelga at mag-organisa kapag naisabatas ang panukalang ito.

Bagamat sinasabing ibabalik daw ang karapatang magwelga sa lahat ng industriya, lanternan namang sinusupportahan ng rehimen ang pakana ng malalaking kapitalista na mag-lockout.

Mangangahulugan ito na kapag nagwelga ang mga manggagawa, may malaking peligrong sila'y kasagad na matanggal sa trabaho, nawalan ng rehistro ang kanilang unyon, at maisakdal pa sila sa kasong kriminal para pagmuhaitin o ibilanggo.

Ayon sa panukala, mangyayari lamang daw ito kapag ang isang welga ay idineklarang "illegal". Subalit sinisikap ng malalaking kapitalista, sa pakikipagsabwatan ng rehimen, na patunayang "illegal" ang bawat welga. Sa katunayan, matagal na nilang ginagawa ito.

Itinuturing ng CB 45 na krimen ang welgang di sumusunod sa mga reki-sitos nito at ang mga welgista'y tinatratong kriminal.

Lantaran nang hinuhubad ng diktadura ang anumang pagkukunwari na ito'y maka-manggagawa. Pormal na kinikilalang legal ang lockout. Ang hindi bina-banggit ng diktadura'y dati nang naisasagawa ng mga kapitalista ang lockout nang walang isinasalang-alang na batas.

Se întâmplă, uneori, ca un bărbat să se îndrăgostească de o femeie care este o lăcomă de
măsură, mărșălăușă și sărăcuță. Într-o zi, după ce s-a căsătorit, ea îi spune:

[illegible]

Nilakopas ag 10 822 na kumpleto ang lahat ng selga. Mayroon namang ag
laguna ag 78 45 na kumpleto ang mga mayroon. Maaaring magpalig ang lahat
mayroon, agnait ang paglalagay ng mga nila? kumpleto na ang kumpleto.

Binibiglaan ng 300 pangkalahatang pribador ng 25 to 35 ang mga kapulalita at ang pangkalahatang pribador ng kapangyarihan para lahi pang mapaghihiwalag o mabubuwat ang mga kasalig pang-umaga. Sa katulad ng banda, hinihiwalag sa ang kahalalan ng mga umaga sa mga-komang nakikipagkasalan.

Gayang hindi pa ang isang problema ang CR 45, pinatibay sa ng diskarte ang ilang mayamang na problema nito. Narati nang walang kinakatawan "ilaga". May ang gayang kinakatawan sa pinatibay ng "dangay perhuelogon" na tumutok sa ilang ilag o malyong pila. Tigil sa narati sa ang isang ilag at binangay.

non capitellata, et funiculo

Binal sa kasalukutan ng mga diyonan at lital na naglalathala kapitan sa antikomunismong katarungan ng US. Nais nilang jawid ang saligpit na ito.

[illegible]

Kala pa ating tanawin ang unfiled labor contract (ULC) bilang batayan sa pagpunta at hangang itang itaring sa buong kriminal. Kala pa nating kilala ang proyektong parte sa lahat-lahat ng ahon sa Ministri ng Paggawa at Bayan (HOLA) nagsi-aya ng pagpapunta. Kala pa nating itatik ang listahan ng "mahahalagang prinsipyo" na hindi dapat pag-aliguhin, subang binibigyan pa rin sa pamamagitan ng pagpapunta ang Ministri na at Marikina para pilain ang kanyang pag-aliguhin sa lahat ng pagpapunta.

[illegible]

En hönstet 1976, planerades det att arystaderna på jättarna på väg in till
Svobod vilken CD till ny råder på samfundet.

[illegible][illegible]

Reprints and reproductions of projects of the National Youth Survey at 6000-
hour minimums taken on 10/1/70

May bahagyang pagkakaiba ang pakikitungo sa mga miyembro ng Civilian Home Defense Forces (CHDF), na karamihan din ay mga magsasakang pinwersa o niloko ng pasistang rehimen para umanib dito. Sa simula ay isa-isa silang kinokon-tak sa pamamagitan ng mga kamag-anak o kaibigan nilang nasa rebolusyonaryong kilusan. Nangyayaring sa unang pag-unsap pa lamang ay nangangako na silang hindi lalaban sa BHB--nyutralisado na sila.

Sa gumusunod na mga pag-unsap, posibleng ang mga Pulang mandirigma na mismo ang nakikipag-unsap sa kanila. Tihatalakay sa kanila ang kasalukuyang sistemang mapagsamantala't mapang-api na bumibiktima sa sambayanan, ang pamamaraan ng pagpapabagsak dito, at ang sistemang ipapalit ng rebolusyonaryong kilusan.

Mula sa CHDF, umaanib sa BHB

Sa Kanlurang Gitnang Luzon at maging sa iba pang mga rehiyon ng kapuluan, di iilang miyembro ng CHDF ang pumatay sa kanilang mga superbiser na PC at, tangay ang armas, umanib sa BHB. Sa ilang pagkakataon, ayaw na nilang manil-bihan sa CHDF matapos kumpiskahin ng BHB ang armas nila. Di iilang dating miyembro ng CHDF ang Pulang mandirigma ngayon o miyembro ng Partido Komunista.

Maaagnas ang moral ng kaaway sa iba pang paraan. Sa isla ng Samar sa Silangang Kabisayaan, halimbawa, marami nang pagkakataong pinawawalan ng mga sumasalakay na yunit ng BHB ang mga sundalong AFP na sumusuko sa labanan. Makatao ang trato sa kanila sa maikling panahong bihag sila ng hukbong bayan.

Pagbalik sa kanilang kampo, sa pag-uulat sa kanilang mg. opisyal at pakikipagkwentuhan sa kapwa mga sundalo ay pinabubulaanan nila mismo ang paninira ng kaaway sa BHB. Mahusay ang trato sa kanila ng hukbong bayan, anila.

Sa isang okasyon, habang nakikipagkwentuhan sa mga kapwa-sundalo'y naninira sa BHB ang isang sundalong nabihag at pinawalan ng hukbong bayan. Pina-bulaanan ito ng isa pang sundalong kasabay niyang nabihag at pinakawalan. Anito, "Ang busay nga ng trato sa 'tin, ah. Kung talagang maaasamang tao sila, sinaktan sana nila tayo o patay na sana tayo ngayon". Natahimik ang nasaupal na sundalo.

Sa nagdaang mga buwan, nakaabot sa Ang Bayan ang mga ulat mula sa iba't ibang rehiyon ukol sa mga tropang AFP na umanib sa BHB. Narito ang ilan:

--Dalawang sundalo ng 11th Infantry Battalion (ng Philippine Army o PA) na nakadestino sa ayudad ng Marawi (Lanao del Sur) sa Mindanaw ang nagpasyang umalis at umanib sa mga yunit ng BHB sa lugar. Sumana sa kanila ang isa pang sundalong gustong mag-AWOL (absence without leave) o pag-alis nang walang paa-lam. Dinala nila ang kani-kanyang ripleng M-16 at maraming bala.

Pinuntahan nila ang baryo ng isa sa kanila. Doon, napag-alaman nilang kinamkam ng mga sundalong PC ang lupa ng kapatid ng isa sa tatlong sundalo. Ang nangamkam ay nasa lokal na detatament ng PC-CHDF. Nagpasya ang tatlo na parupahan ang mga nangamkam. Nireyd nila ang detatament. Kumaripas ng takbo ang mga tauhan ng PC-CHDF sa unang bugso ng putok ngunit nabihag ang isang miyembro ng CHDF at nakuha ang kanyang karbing M-2.

Kamag-anak ang nag-ugnay

Iniwan ng sundalong nag-AWOL ang kanyang M-16 sa dalawa niyang kasama bago humiwalay. Dala ng dalawang sundalo ang apat na riple nang kumontak sila sa mga lokal na yunit ng BHB sa pamamagitan ng mga kamag-anak. Pulang mandirigma na sila mula pa noong Agosto, ayon sa Mangahas, pahayagang nasa sa Hilagang-kanlurang Mindanaw.

--Dala ang kanyang ripleng Garand nang umanib sa BHB ang isang miyembro ng CHDF noong Mayo ng nakaraang taon. Matagal na siyang kontak, at marami na siyang naipagang mahalagang taktikal na impormasyon at bala sa BHB mula pa noong 1978.

--Dala ang kanilang mga ripleng M-16, umanib sa BHB noong unang bahagi ng 1980 ang dalawang sundalo ng 543rd Engineering Battalion (PA) na nakadestino sa Silangang Samar. Ang isa sa kanila--isang 21 anyos na taga-laguna--ay Pulang sandirigma ngayon at may mahusay na rekord sa gawaing masa. Ang kanama niyang dating sarhento ay pinarusahan nang kamatayan dahil sa kabila ng re-dukasyon at paulit-ulit na babala sa kanya, hindi niya maiwaksi ang kilos-kriminal na nakagawian sa AFP, tulad ng pananakot at panginigkil sa masa. Lasenggo rin siya.

--Hindi na bumalik sa AFP ang isang sundalong konektado sa 45th IB (PA) matapos ang taning ng una niyang serbisyo. Naglako na lamang siya ng isda. Ngunit halos wala siyang kinikita dahil madalas siyang kikilan ng mga sundalo ng gobyerno. Ang sundalo rin siya dati. Umanib siya sa BHB, ngunit bago nito ay inagaw niya ang M-16 ng isang sundalong kinaibigan niya kunwari.

Ayon sa isa pang sulat mula sa Silangang Kabisayaan, may ilang sundalong AFP na taga-Samar na ngayo'y nakadestino sa Mindanaw. May lihim na ugnay ang mga ito sa rebolusyonaryong kisaan sa pamamagitan ng mga kamag-anak na nasa lokal na mga rebolusyonaryong samahan ng magsasaka.

Ang mga sundalong ito, na nakatalaga sa PC, PA at Philippine Air Force, ay nagpapadala sa BHB ng mga bala ng M-16 at ng M-79 grenade launcher. Nag-iipon din sila ng pera at ipinadadala ito sa mga yunit ng BHB na kumikilos sa kanilang mga baryo.

SA PAGLAHOK SA PAKIKIBAKA ITINATAYO ANG ISANG REBOLUSYONARYONG PAMILYA

"Naghahanda na kaming pumunta sa kanayunan."

Ang tinutukoy ni Karamang Rosie ay ang kanyang sarili at ang dalawa niyang anak na sina Lisa, 8 taon, at Wardi, 6. Aapat na buwan pa lamang nakacalis patungong kanayunan ang kanyang asawang si Ka Fidel, manggagawa sa isang pabrika ng industrial equipment sa Metro Manila, para sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

"Pagdating doon, hindi ko inaasayang magkakasama kaming mag-anak," ani Ka Rosie. "Mapapalapit lamang ang komunikasyon naming mag-asawa at ang mga bata sa tatay nila. Magkakaroon ako ng gawain sa sora at ang mga bata ay matututo sa masa at mga kamama."

Ni sa panaginip ay hindi pumasok sa isip ni Ka Rosie ang radikal na pagbabagong ito sa kanilang mag-anak. Tulad din siya ng karaniwang inang naghahangad mapagtapos sa kolehiyo ang mga bata at makapasok ang mga ito sa mabuting trabaho para umangat nang kahit bahagya ang kanilang kabuhayan.

Subalit ang pagsasasantala sa buong sambayanan ay nararanasan ng kanilang pamilya. At ang papatinding krisis sa ekonomiya at ang kalupitan sa kanyang kapaligiran ay unti-unting pumukaw sa isip at damdamin ni Ka Rosie.

Habang tumataas ang antas ng kanyang kamalayang pampolitika, tiniyak ni Ka Rosie na siya at ang kanyang pamilya ay hindi magiging sagabal sa rebolusyon. Sa halip, sinuportahan niya ang paglahok dito ni Ka Fidel at kinalauna'y lumahok na rin siya sa pakikibaka.

Iwinaksi nina Ka Rosie at Ka Fidel ang pyudal at burges na pananaw sa pagitan nilang dalawa bilang mag-asawa at sa kanilang mga anak. Nagtuwang silang hubugin ang isang rebolusyonaryong pamilya na nakabatay hindi sa anumang materyal na pakinabang na makukuba nila sa isa't isa, hindi sa pyudal na sentimentalismo, kundi sa magkatuwang na pagsisikap para itaguyod ang rebolusyon.

Sa isang rebolusyonaryong relasyon, ang babae ay itinuturing na kabalikat ng lalaki at hindi itinatali sa tahanan. "May mga gawaing iniaatas sa akin ang sangay ng Partido sa teritoryo," ani Ka Rosie. "Kapag may pulong kami sa umaga, hindi na ako nakapaglilinis ng bahay o nakapagluluto man lang. Si Ka Fidel noon ang umako ng gawaing bahay paglabas niya ng pabrika. Pagbalik ko sa hapon, nakapaglaba na siya, nakapamalantsa na."

Itinuturing na binhi ng rebolusyon ang mga anak at hindi ipinupuhunan para sa pagtanda ng magulang. Sa maagang gulang pa lamang, lantad na sa kanila ang mga rebolusyonaryong gawain.

Namumulat ang mga bata

"Nakakaunawa na ang mga bata. Kinukwentuhan sila noon ni Ka Fidel gabi-gabi mula sa mga larawan ng mga rebolusyonaryong dyaryo o kaya'y libro. Tinuturuan din namin sila ng rebolusyonaryong tula at kanta. Alam na rin nilang isigaw ang karugtong ng mga islogan.

"Hatid-sundo ko ang mga bata sa eskwela. Ngayon, kung may biglaang miting o pagkilos, hindi ko na sila pinapapasok. Isinasama ko na lang sila sa pulong. Kung minsan naman, pagkagaling sa eskwela'y tuluy-tuloy na kami sa mga rali o demo. Binabantayan ko na lamang na huwag silang magkasakit at makahabol pa rin sa likson kahit pumapalya sa pagpasok. Pati titser nila'y binibigyan nila ng polyeto at inilimbha sa mga simposyum.

"Kasa-kasama ko 'yang si Lisa sa pamamahagi ng polyeto sa magkakatabing pabrika. Bago mag-alas dos ng hapon, laluna kapag may kampanyang masa, nag-aabang na kami sa mga geyt ng pabrika para abutan ng polyeto ang mga manggagawang lumalabas o pumapasok.

"Sa mga rali at martsa, madalas na tinatanong ako kung pakit isinasama ko pa ang mga bata. Ang sabi ko, may karapatan din ang mga bata at dapat lamang na lumahok sila sa pakikibaka para sa kanilang kinabukasan."

Tinitiyak ng isang pamilyang rebolusyonaryo na naihabanda ang mga batang harapin ang mas marami at malalaking sakripisyo.

"Minsan, narinig kong nag-uusap ang magkapatid. Tinanong ni Mardi si Lisa kung iiyak daw ba siya pag namatay ang tatay nila na alas nilang nasa hukbo na. Ang sagot ni Lisa. 'Hindi. Magagalit ako sa mga kaaway, papatayin ko sila'."

"Matagal-tagal na rin naming sinasabi sa mga bata na hindi maglalaon at itigil sila sa pag-aaral upang tumungo sa kanayunan. 'Hindi para sundan ang kanilang ama, kundi, higit pa, para paglingkuran ang masa. Sakali nang samang magbuwis ng buhay si Ka Fidel, magpapatuloy pa rin kaming mag-iina sa pakikibaka."

Kinikilala ng mga komunista at iba pang rebolusyonaryo ang katumpakan ng landas na pinili ng pamilyang ito. Tunay ngang ang rebolusyon'y para sa lahat ng api't pinagagamantalahang mamamayan at ang paglahok dito'y walang pinipiling kasarian, walang itinatanging gulang. Ang rehimen ay niyayanig ng makapang-arhang lakas di lamang ng indibidwal na mga babae't lalaki kundi ng buu-buong pamilyang lumalahok sa rebolusyon.

5 MARTIR SA PAMPANGA, BUHAY SA PUSO NG MASA

Walang-patid na putukan ang bumasag sa katahimikan ng baryo San Pedro sa San Simon, Pampanga, noong hapon ng Marso 14 hanggang sa sumunod na madaling-aray. Tuluy-tuloy ang alingawngaw ng awtomatik na baril. Kahit sa malayo'y nakapagpapabilis-pulis ang ingay ng putukan.

Halos isang araw ang nasa isip ng mamamayang nasa paligid noon--may labanan sa pagitan ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan at mga tropa ng diktadurang EU-Marcos. Tunay nga, sa mga oras na iyo'y may 700 pasista ang nakakubkob sa pitong gerilya--labanang isandaan sa isa!

Isinalaysay ng Higagsik, rebolusyonaryong pahayagan sa Kanlurang Gitnang Luzon, ang naganap na labanan. Isang espesyal na labas noong Marso 29, anibersaryo ng BHB, ang nagsatinig sa pagpugay ng rebolusyonaryong mamamayan sa limang dakilang buhay na ibinuwis sa labanang iyon.

Si Kasamang Jake ay kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas at pinuno ng iskwal gerilya. Virgilio Batu ang tunay niyang pangalan at taal siya sa baryong iyon. Sumapi siya sa BHB noong 1979 sa edad na 21 anyos. Si Ka Bora naman (Manolito Briones, 25) ay taga-San Pablo Matua, San Simon. At si Ka Baby (Ernesto Sembile, taga-baryo San Carlos, San Luis, Pampanga) ay 18 anyos pa lamang. Bago naging buong-panahong mandirigma ay masigasig siyang kuryer.

Siyamang anak ng 47 anyos na si Ka Lee (Jose Capule, taga-San Nicolas, San Simon). Kahit may edad na at isang padre de pamilya ay nagpasya pa rin siyang maging buong-panahong Pulang mandirigma sa katwirang sa paghawak lang ng baril mahahango sa hirap ang mamamayan, kasama na siya at ang kanyang pamilya.

Walong taon na sa BHB si Ka Dare (Palermo David Ortañon, taga-Cabalantian, Bacolor, Pampanga) pero nasa kasibulan pa rin ng kabataan--27 anyos--nang magbuwis ng buhay. Isa siyang huwarang kadre ng Partido at mandirigma ng BHB. Pagiang itinatapon at hinahanap-hanap ng masa si Ka Dare--tanda ng kanilang pagkagiliw sa kanya.

Silang lima at ang iba pang mga kasama nila'y bahagi na ng buhay ng mamamayan sa gawing iyon ng Pampanga.

Kahandaang magbuwis ng buhay

Matingkad sa mga Pulang mandirigma ng BHB ang kagitingan sa labanan, ang determinasyong mapangibabawan kahit ang pinakagipit at pinakabiglaang mga sitwasyon ng labanan. Kasabay ng bawat tibok ng kanilang pulso ay damang-damanila ang katotohanan ng digmaan; nagaganap ngayon sa pagitan ng pasistang rehimen at ng mamamayan. Matingkad din sa kanila ang kahandaang magbuwis ng buhay kapag ito na ang hinihingi ng kalagayan.

Hindi nawalan ng loob, magiting na lumaban ang mga rebolusyonaryo sa tagilid na labanang iyon. Mang matiyak na ligtas na ang mga sibilyang nasa kinaro-rooman nilang mga bahay, nakipagsagutan na sila ng putok sa kaaway. Nagawa pa nilang patayin at agawan ng arbalayt ang isang sundalong sagkasing pamahik sa isa sa mga bahay na kinlalagyan nila.

Sina Ka Dare, Ka Lee at Ka Baby ay namatay sa pakikipagbarilang iyon. Si Ka Bora naman ay nakakalusot sana sa kubkob kung di siya nakilala ng mga kababaryong miembro ng CHDF at pinagbabaril ng mga ito. At si Ka Jake ay may tama sa balikat at binti. Iginii niyang magpuwan sa dalawang kasamang nakalabas sa kubkob nang magmamadaling-araw, matapos siyang itago sa isang bahay. Nguni kinaumagahan, nakita siya ng mga pasista at pinaulan ng bala.

Sa ilang oras na putukan, alalang-alala ang masa sa paligid. Nag-iisip sila ng paraan para damayan ang kanilang mga mandirigma. Inaabangan nila para itago at gamutin ang mga makalalabas sa kubkob. Kaya't ganoon na lamang ang panimighati nila nang malasang nasawi ang limang kasama. Hindi nakabawas sa dalanhati nila ang balitang napakarami ang patay sa panig ng kaaway.

Sina Ka Dare, Ka Jake, Ka Bora, Ka Baby, Ka Lee, at ang mga rebolusyonaryong martir na nauna sa kanila sa Pampanga, sa buong Gitnang Luzon at sa buong kapuluan ay mga bayaning may matatayog na bantayog sa puso ng mamamayan. Lalo pang nakikintal sa isip ng masa na saanrang may pakikibaka ay may pagpapakasakit at ang kamataya'y karaniwang pangyayari.

Ibinabaling ng mamamayan ang panimighati sa rebolusyonaryong tapang. Ang sandatang nabibitiwan ng mga nalulugmok ay pinupulot agad upang muling itutok sa kaaway, at mas mabilis at mas matatag na isinusulong ng mamamayan ang kulay-dugong bandila ng rebolusyonaryong kilusan tungo sa maluwalhatang tagumpay.

Tala ng Patnugutan: Sa Hunyo 30 ilalabas ang ikalawang artikulo sa serye tungkol sa "structural development loan" ng Bangko Mundial.